Name ________________________________ Class ______________ Date _______________

# Ang Mahalagang Tanong
# Kaugnayan ng Paaralan sa Tahanan

Binibigyan-diin ng Yunit 2 ang Mahalagang Tanong: Bakit ka nagbabasa? Sa buong yunit, matututunan mo ang iba't-ibang mga layunin para sa pagbabasa. Bago mo ihanda ang iyong mga sariling sagot sa Mahalagang Tanong, alamin muna kung ano ang iniisip ng iyong mga magulang o ibang mga nakatatanda. Pumili ng isa sa mga gawain sa ibabâ na gagawin sa tahanan.

## **GAWAIN:** Gumawa ng isang Web Diagram

Sabihin sa isang kapamilya na sagutin ang Mahalagang Tanong—Bakit ka nagbabasa? Gumawa ng isang web diagram sa isang hiwalay na papel. Sa bilog sa gitna, isulat ang pangalan ng tao. Gumuhit ng limang panlabas na bilog. Sa mga panlabas na bilog na ito, isulat ang kanyang mga sagot sa Mahalagang Tanong.

## **GAWAIN:** Interbyu:

**Ang Gagawin** Hilingin ang isang magulang o ibang nakatatanda na nasa iyong tahanan na sagutin ang mga sumusunod. Isulat ang mga sagot sa isang hiwalay na papel.

1. Ano ang damdamin mo tungkol sa pagbabasa noong ikaw ay bata pa?
2. Ano ang ilan sa iyong mga paboritong libro o ibang mga babasahin? Ipaliwanag.
3. Ano ang damdamin mo ngayon tungkol sa pagbabasa?
4. Ano ang iyong mga paboritong libro o ibang mga babasahin? Ipaliwanag.
5. Banggitin ang ilang mga dahilan kung bakit ka nagbabasa.

## **GAWAIN:** Survey

1. Magpatulong sa isang kapamilya na gumawa ng survey ng mga aklat at ibang mga babasahin sa iyong tahanan. Ilista sa isang hiwalay na piraso ng papel ang mga uri ng babasahin na mahahanap mo.
2. Mula sa iyong survey, ano ang mga opinyon na makukuha mo tungkol sa kaugnayan ng pagbabasa at ng iyong pamilya?

Copyright© by The McGraw-Hill Companies, Inc.